7

# ARALING PANLIPUNAN

## Learning Activity Sheet
## Quarter 3 – MELC 1

### Mga Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluraning Bansa sa Timog at Kanlurang Asya (Ika-16 hanggang Ika-17 Siglo)



**Rehiyon VI- Kanlurang Bisayas**

**Araling Panlipunan – Grade 7**

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Alternative Delivery Mode**
**Ikatatlong Markahan – LAS 2: Mga Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluraning Bansa sa Timog at Kanlurang Asya (Ika-16 hanggang Ika-17 Siglo)**
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brandname, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

| Miyembro sa Pagsulat ng Modyul | |
|---|---|
| **Tagasulat:** | Edward Cepeda |
| **Editor:** | Eleanor M. Dagala |
| **Manugdumala**: | Felisa B. Beriong |
| | Gaudencio C. Riego |
| | Eleanore M. Dagala |
| | Scubert Anthony C. SIalongo |
| | Phoenix Allanah Zandria Q. Salcedo-Tordesillas |
| | Marian Rose B. Sarmiento |

# Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 2

**Pangalan:** ______________________________ **Baitang at Seksiyon:** ___________
**Petsa:** ______________________________ **Iskor:** ________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA ARALING PANLIPUNAN 7**

## Mga Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluraning Bansa sa Timog at Kanlurang Asya (Ika-16 hanggang Ika-17 Siglo)

**I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda**

Nasusuri ang mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga kanluranin sa unang yugto ng pagdating nila sa Timog at Kanlurang Asya noong Ika16 na siglo (AP7TKA-IIIa-1.1-WEEK 2)

II. Panimula (Susing Konsepto)

Noong panahon ng panggagalugad, nagsimulang lumayag ang mga Espanyol at Portuges upang mabigyang lunas ang kanilang palaisipan sa kung ano ang mayroon sa iba pang lupain sa daigdig.Napagkasunduan ng dalawang bansang Europeo kung aling bahagi o lugar sa mundo ang mapasailalim sa kanilang kapangyarihan ayon sa isang tratado o kasunduan.

Ang **Tratadong Tordesillas** ay isang kasunduan o tratado sa pagitan ng Portugal at ng aEspanya noong 1494, kung saan nagkasundo sila na hatiin ang lahat ng mga lupain sa mundo na nasa labas ng Europa na hindi isinasaalang-alang kung sinuman ang naninirahan sa mga lupaing ito.

Ang kasunduang ito ay nilagdaan sa Tordesillas, na pinagmulan ng pangalan ng kasunduan. Napabago ng kasunduang ito ang panggagalugad o eksplorasyon ng bagong mundo na isinagawa ng mga Kastila at ng mga Portuges. Samakatuwid, ang dalawang bansang ito ay nanakop ng maraming mga lupain.

### Mga Bansang Europeo na naguna sa Paglalayag at Pagtuklas

**Portugal**

Ang Portugal ay nakakuha ng maraming piling lugar sa Asya. Sa pamumuno ni Alfonso de Albuquerque noong 1510 nasakop ang Ormuz sa Golpo ng Persia (Iran ngayon). Diu at Goa sa India, Aden sa Red Sea, Malacca sa Malaya at Moluccas sa Ternate, Macao sa China at sa Formosa (Taiwan ngayon).

**England**

Itinatag ng England ang British East India Company na nakakuha ng concession (pagbibigay ng espesyal na karapatang pangnegosyo) sa Madras mula sa rajah ng Chandragiri. Sa taong 1690 sa delta ng Ganges nakakuha ng kapirasong lupain ang Ingles sa pagpayag ni Emperador Aurangzeb ang lider ng Imperyong Mogul. Dito naitatag ang lunsod ng Calcutta.

**France**

Ang France ang pangatlong bansa na gustong masakop ang India. Ang ginawa ng France ay nakipagsabwatan sa pinunong lokal ng Bengal. Ginamit ang French East India Company na naitatag noong 1664. Nakapatatag ang France ng pamayanang pangkomersyal sa Pondicherry, Chandarnagore, Mahe at Karikal. Nagtapos ang interes na ito ng nagkaroon ng labanan sa Plassey ng Pitong Taong Digmaan sa pagitan ng England at France. Nangibabaw ang England at nagkaroon ito ng ekslusibong pamamahala sa India.

**Netherlands**

Ang Netherlands sa pamamagitan ng Dutch East India Company ay namahala rin sa isang bahagi ng India. Napasailalim nito ang East Indies (Indonesia sa kasalukuyan).

Ang Portugal, England at France ang mga bansang kanluranin na nakarating sa India. Sa pag-iral ng prinsipyong pang-ekonomiyang merkantilismo ang mga bansang Kanluranin ay may iisang layunin sa pagpunta sa Asya, ang makasakop ng mga lupain. Sa huli ang England ang nagtagumpay para maisakatuparan ang interes sa likas na yaman at mga hilaw na materyales ng India. Samantala ang Kanlurang Asya ay hindi agad nasakop dahil sa panahong ito pinaghaharian pa ito ng napakalakas na imperyong Ottoman, at pinagpatibay ng pagkakaisa dahil sa relihiyong Islam na ipinalaganap at tinanggap sa rehiyon.

Sa unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismong kanluranin ,hindi nagkaroon ng interes ang mga Europeong bansa na sakupin ang kanlurang Asya sa dahilang ito ay nasa kontrol ng makapangyarihang Imperyong Ottoman.

**Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog Asya**

Ang pananakop ng mga kanluranin sa Timog Asya at kanlurang Asya ay nagbunga ng mga mabubuti at di mamabuting epekto lalo na sa kabuhayan, teknolohiya ,lipunan, kultura at paniniwala ng mga Asyano lalo na sa bansang India at iba pang lugar sa Timog Asya.

A. Kabuhayan

1. Nagsisilbing tagapagtustos ng mga hilaw na materyales ang bansang India na kailangan ng mga kanluraning bansa dahil sa rebolusyong Industriyal sa Europa.

B. Teknolohiya

1. Pinaunlad ng mga Ingles ang mga daang bakal(riles) , telegrapo at iba pang imprastruktura.

C. Lipunan, Kultura at Paniniwala

1. Pinairal sa India ang sistemang pang- edukasyon ng mga Ingles kung saan Ingles ang wikang panturo.
2. Pagbabawal ng pang- aalipin at gawi ng mga Indian na pagpatay sa mga babaeng sanggol (female infanticide)
3. Pagtatanggal ng tradisyong suttee at thuggi. Ang **suttee** ay tumutukoy sa gawing pagsama ng isang biyuda sa kanyang patay na asawa habang ito ay sinusunog. Ang **thuggi** naman ay isang relihiyosongkulto kung saan kinakailangang mag- alay ng buhay bilang sakripisyo sa diyosang si Kali.
4. Ipinasa ang batas ng 1872 na nagpapahintulot sa pag- aasawahan ng mga mamamayan na kabilang sa magkaibang caste at pamayanan.
5. Ipinasa ang Sharda Act na nagpahimpil sa pag- aasawa ng mga kabataang may edad 14 pababa.
6. Ipinagtibay rin ang patakaran sa pagtanggap ng mga Indian sa matataas na posisyon sa pamahalaan.

**PAMPROSESONG TANONG**

1. Ano ang mga bansang Kanluranin na sumakop sa Asya?
2. Anong mga bansa sa Asya ang mga nasakop ng mga Kanluranin?
3. Anong bansa ang sinakop ng Portugal, England, at France sa Timog Asya?
4. Bakit hindi maagang nasakop ng mga Kanluranin ang Kanlurang Asya sa unang yugto ng pananakop?
5. Bakit nagtatag ang mga bansang Kanluranin ng mga kolonya sa Asya?
6. Mahalaga ba ang unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga Kanluranin sa Asya?sa mga Asyano?
7. Ano- ano ang mga epekto ng pananakop ng mga kanluranin sa Timog Asya?

**Mga Gawain**

**Gawain 1. Panuto:** Basahin at unawain ang bawat aytem. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot.

1. Alin sa mga bansang sumusunod ang hindi kabilang sa mga bansang nanakop sa Timog at kanlurang Asya?
   A. Britanya
   B. Pransya
   C. Alemanya
   D. Portugal

2. Ano ang pang-komersyong kompanya ang itinatag ng mga Dutch sa Timog Asya?
   A. Dutch East India Company
   B. Dutch Commerce Company
   C. Dutch Far East Company
   D. The Dutch Royal Company

3. Sa naganap na labalan sa Plassey sa pagitan ng Britanya at Pransya, sino ang nanalo sa labanang ito at nagkaroon ng eksklusibong kontrol sa bansang India?
   A. Britanya
   B. Pransya
   C. letrang A at B
   D. walang nanalo

4. Ito ang imperyong namayagpag sa Kanlurang Asya pagkatapos bumagsak ng Roman at Byzantine Empire.
   A. Imperyong griyego
   B. Imperyong Ottoman
   C. Imperyong Mughal
   D. Imperyong Alemanya

5. Alin sa mga sumusunod na relihiyon ang ipinalaganap ng mga Kanluraning bansa sa Asya?
   A. Islam
   B. Hinduismo
   C. Kristiyanismo
   D. Judaismo

**Gawain 2 . Suriin Natin!**

**Panuto**. Suriin ang nilalaman ayon sa tekstong nabasa. Ano kaya ang mga paraan ng mga bansa sa Europe na nangunguna sa paggagalugad ng mga lupain?

Gamit ang bunga ng iyong pagsusuri isulat sa pamamagitan ng **Retrieval Chart** sa ibaba ang mga paraan na ginamit ng kolonyalismo at imperyalismong kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya. Ang mga sagot ay isulat sa pormang pangungusap sa inyong sagutang papel.

**Mga Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya**
**(Ika-16 hanggang ika-17 na siglo)**

| Mananakop | Mga Paraan ng Pananakop | Epekto sa bansang nasakop |
|---|---|---|
| 1. Portugal | | |
| 2. Spain | | |
| 3. England | | |
| 4. France | | |
| 5. Netherlands | | |

**Gawain 3. Mga Natutunan sa Aralin, I-IG Story Natin!(Optional)**

**Panuto:** Bigyan ng katumbas na simbolo ang inyong natutuhan at naramdaman sa mga naging epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.I-post ito sa Instagram wall sa ibaba.Lagyan ito ng caption, #-hashtag at ang iyong IGName.

Ibahagi ang inyong output sa pamamagitan ng inyong social media account kung meron.

| |
|---|
| |

| Paraan ng Pagmamarka ng IG Post | | |
|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Porsyento** | **Nakuhang Marka** |
| 1. Malalim ang mensahe at makahulugan ang kabuuan ng nalikhang IGpost. | **50%** | |
| 2. Gumamit ng epektibong simbolo at malikhain ang pagkakasulat ng hashtag/s. | **25%** | |
| 3. Angkop ang mga ginamit na salita, malinaw ang caption at umaangkop sa paksang natalakay. | **25%** | |
| **Kabuuang Marka** | **100%** | |

**Gawain 4. Repleksyon**

**Panuto**. Gumawa ng inyong repleksyon mula sa teksto Batay sa iyong pagsusuri, bilang isang mag-aaral, paano mo maisasabuhay ang paraan at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagtataguyod ng pagmamalasakit sa sariling bayan?Isulat sa isang talata na binubuo ng tatlo hanggang limang pangungusap sa inyong sagutang papel.

______________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
_____________________________________________________________________.